Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN II

MODYUL 18

EHEM… PULITIKA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

MODYUL 18

EHEM POLITIKA

Sa modyul na ito tatalakayin ang papel na ginampanan ng pulitika sa paghubog ng Asya at sa pamumuhay ng mga Asyano. Susuriin din ang iba't-ibang uri ng pamahalaan, organisasyon at leader-pulitikal sa Asya upang magkaroon ng malinaw na larawan ng pulitikal na kalagayan ng Asya at ng mga epekto nito sa karaniwang mamamayang Asyano.

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Pulitika at Uri ng mga Pamahalaan sa Asya
- Aralin 2: Kaganapang Pulitikal at mga suliraning humubog sa Asya
- Aralin 3: Mga kilalang Leader-Pulitikal at Organisasyon sa Asya

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Natutukoy ang iba't-ibang bansa sa Asya at kasalukuyang mga lider nito;
2. Nasusuri ang mga uri ng mga Pamahalaan sa Asya;
3. Naipaliliwanag ang mga kadahilanan at epekto ng ilang pangyayaring pulitikal sa Asya;
4. Nakabubuo ng sentisis mula sa paghahambing ng mga katangian ng mga lider-pulitikal ng Asya; at
5. Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa mga kontribusyon ng iba't-ibang pulitikal na organisasyon sa Asya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.

PANIMULANG PAGSUSULIT:

I. Panuto: Suriin ang mga tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ang uri ng pamahalaan ng karamihan sa mga bansa sa Asya.
   A. Monarkiya
   B. Emirato
   C. Parlyamentaryo
   D. Republika

2. Ito ang organisasyong kinabibilangan ng karamihang bansa sa Asya na nangangalaga sa kapakanan ng mga muslim.
   A. ASEAN
   B. OPEC
   C. OIC
   D. SEATO

3. Isang titulong ipinagkaloob sa isang mataas na opisyal-militar at gobernador ng probinsya na may kapangyarihang administrtibo at pinansyal. Karaniwang namumuno sa ilang Islamikong bansa sa Asya.
   A. Hari
   B. Punong Ministro
   C. Sultan
   D. Emir

4. Siya ang punong ministro ng Malaysia mula 1981 hangang 2003. Naging actibo siya sa ASEAN at nanindigan sa paggiging non aligned ng mga bansa at pagkakaroon ng ekonomikong pag-unlad lalo na ng bansa sa katimugan.
   A. Lee Kuan Yew
   B. Mahathir bin Mohamad
   C. Ferdinand Marcos
   D. Benazir Bhutto

5. Ang lider ng PLO na namuno sa pagsulong para sa kalayaan at pagiging estado ng Palestinya.
   A. Arafat, Yasir
   B. Yitzhak Rabin
   C. Shimon Peres
   D. Sharon, Ariel

6. Lider siya ng Likud Party sa Israel at kilala sa matigas na pananaw sa isyung Israeli- Palestinya

A. Arafat, Yasir
B. Yitzhak Rabin
C. Shimon Peres
D. Sharon, Ariel

7. Siya ay kilalang leader at dating pangulo ng Indonesia na humalili kay Abdurrahman Wahid. Nabigyan niya ng kaunting katatagan at kaayusan ang pulitika sa Indonesia.
   A. Aung San Suu Kly
   B. Megawati Sukarnoputri
   C. Tanaka Makiko
   D. Benazir Bhutto

8. Siya ay kilala bilang kauna-unahang babaing naging ministrong panlabas sa Japan.
   A. Aung San Suu Kyi
   B. Megawati Sukarnoputri
   C. Tanaka Makiko
   D. Benazir Bhutto

9. Anak siya ng tagapagtatag ng makabagong Burma at isinusulong niyang maibalik ang pamumuno sa Burma sa kamay ng sibilyan. Nabigyan din siya noong 1991 ng Nobel Peace Prize dahil sa kanyang mapayapang pamamaraan ng pagprotesta.
   A. Aung San Suu Kyi
   B. Megawati Sukarnoputri
   C. Tanaka Makiko
   D. Benazir Bhutto

10. Siya ang kauna-unahang babae na namuno sa isang Islamikong bansa sa modernong kasaysayan. Namuno siya sa Pakistan subalit dahil sa akusasyon ng katiwalian at maling pamamalakad, ang kanyang gobyerno ay dinismis ni Presidente Farooq Leghari noong 1996

A. Corazon Aquino
B. Sirimavo Ratwatte Dias Bandaranaike.
C. Benazir Bhutto.
D. Aung San Suu Kyi.

11. Siya ang kauna-unahang babaing punong ministro sa mundo na nanungkulan at sa bansang ng Sri Lanka.
    A. Sirimavo Ratwatte Dias Bandaranaike.
    B. Benazir Bhutto.
    C. Aung San Suu Kyi.
    D. Corazon Aquino

12. Ang unang punong ministro ng Singapore na nagpatupad ng estriktong batas sa Singapore at namuno upang ang bansang ito ay maging sentro ng pandaigdigang pangangalakal sa Asya.
    A. Lee Kuan Yew.
    B. Mahathir bin Mohamad.
    C. Ferdinand Marcos.
    D. Benazir Bhutto.

13. Alin sa mga sumusunod na bansa ang hindi kasapi sa ASEAN?
    A. Pilipinas
    B. Malaysia.
    C. Korea.
    D. Myanmar.

14. Ang China at ang North Korea ay mga bansa ng may anong uri ng pamahalaan?
    A. Islamikong Estado.
    B. Kumunistang Estado.
    C. Monarkiya.
    D. Parlyamentaryo.

15. Ang Turkey at ang Arabia ay bahagi ng anong emperyo na nahati pagkatapos ng unang digmaang pandaigdig?
    A. Emperyong Ottoman.
    B. Emperyong Britanya.

C. Emperyong Tsina.
D. Emperyong Romano.

16. Ang Palestina, Transjordan at Iraq ay dating kolonya ng anong bansa?
    A. Pransya.
    B. Estados Unidos.
    C. Britanya
    D. Spanya

17. Ang Syria at Lebanon ay naging kolonya ng anong bansa?
    A. Pransya
    B. Estados Unidos
    C. Britanya
    D. Spanya

18. Anong organisasyon na pinamunuan ni Yasir Arafat ang naglalayong magkaroon ng kasarinlan ang mga Palistino sa Gtnang Silangang Asya?
    A. Likud Party
    B. IRA
    C. PLO
    D. ILO

19. Noong 1997, anong krisis ang naranasan ng Asya na nakaapekto ng husto sa negosyo at pamumuhay ng mga Asyano?
    A. Krisis sa langis
    B. Krisis na dulot ng masamang panahon
    C. Krisis pangkapayapaan
    D. Krises sa pananalapi

20. Siya ang kinikilalang eternal na president ng North Korea.
    A. Kim Jong Il
    B. Kim Yong Nam
    C. PAK PONG JU
    D. Kim Il Sung

ARALIN 1
ANG PULITIKA AT MGA URI NG PAMAHALAAN SA ASYA

Sa araling ito susuriin mo ang iba't-ibang lokasyon ng mga bansa sa Asya. Matututunan mo rin ang mga pamahalaan sa Asya at ang mga katangian nito.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Naipapaliwanag ang saysay ng pulitika ;
2. Nailalahad ang iba't-ibang uri ng pamamahala sa Asya; at
3. Naipaghahambing ang mga kagalingan at kahinaan ng mga pamahalaan sa Asya;

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Bumuo ng mga pangalan ng iba't ibang pamahalaan na matatagpuan sa Asya.

S	U	L	T	A	N	A	T	O	P
K	E	D	A	N	M	P	T	R	A
G	U	M	M	I	I	I	P	E	R
E	S	M	I	L	R	J	R	P	L
N	D	J	U	R	T	L	Y	U	Y
M	F	K	L	N	A	M	P	B	A
O	G	B	A	N	I	T	K	L	M
N	H	S	D	C	B	S	O	I	E
A	X	Z	I	H	L	O	T	K	N
R	K	I	Y	A	O	Y	R	A	T

B. Tukuyin kung saan bahagi ng Asya matatagpuan ang mga sumusunod na bansa:

1. Armenia_____

2. Iraq _____
3. Sri Lanka_____
4. Bhutan _____
5. Mongolia _____
6 Japan _____
7. Nepal _____
8. Georgia _____
9. Lebanon _____
10. Indonesia_____

Ang pulitika ay maituturing na mga gawaing may kaugnayan sa pamamahala o sa gobyerno, kabilang na rito ang iba't-ibang teorya at pagkilos ng pamahalaan, ang pagkakaroon ng kapangyarihang lehislatibo at ehikutibo at ang pagbuo at pamamalakad ng mga organisasyong may kaugnayan sa gobyerno. Maari rin itong tingnan bilang isang propesyon o relasyon ng mga kapangyarihan at ng mga individwal, grupo o organisasyon sa isang particular na bahagi ng buhay lalo na kung ito'y may kaugnayan sa kapangyarihan at impluwensya o pagtatalo. Isa rin itong sinukat na pagkilos tungo sa pag-unlad gaya ng paggamit ng taktika at estratehiya upang magkaroon ng kapangyarihan sa isang samahan.

May mga iba't-ibang prosesong pulitikal na laganap sa Asya. Ang mga ito ay higit na makikita sa iba't-ibang uri ng mga gobyerno o pamamahala sa mga bansang nakapaluob dito. Suriin mo ang iba't-ibang gobyerno na matatagpuan sa Asya.

Republika

Ang Republika ay isang uri ng pamahalaan kung saan ang kapangyarihan ay nananahan sa mga taong may direkta o di- direktang mamili o bumoto ng mga representante nila na hahawak ng pamunuan sa limitadong panahon. Sa republika, ang

pinuno ng estado ay tinatawag na presidente at ang kanyang pamumuno ay hindi namana o maipamamana sa kanyang mga kaanak. Ang Republika ay maaring isang demokrasiya o hindi depende sa kwalipikasyon ng pagboto o antas at ang pagkakaroon ng alternatibong prosesong elektoral.

Monarkiya

Isang sistemang pulitikal kung saan ang isang individual ang may soberenya na kalimitan ay panghabang-buhay. Ito ay itinuturing na pinakamatandang uri ng pamamahala.

Kaiba sa walang limitasyong kapangyarihan ng monarkiya, ang konstitusyunal na monarkiya ay sumusunod sa probisyon ng konstitusyon at sa panukala o kilos ng lehislatura.

Ang papel ng isang monarko sa kunstitusyunal na monarkiyang nananatili hangang sa kasalukuyan ay kalimitang seremonyal na lamang. Ang lehislatura o parlyamento na ang namamahala sa mga tungkuling pang estado

Emirato

Isang uri ng pamahalaan kung saan ang pinakamataas na pinuno ay ang Emir. Ang emir ay isang titulong ipinagkaloob sa isang mataas na opisyal-militar at gobernador ng probinsya na may kapangyarihang administrtibo at pinansyal. Karaniwang matatagpuan ang Emirato sa mga Islamikong bansa.

Parlyamentaryo

Isang uri ng gobyerno na kung saan ang ehikutibo at lehislatibong kapangyarihan ay pinagsama. Ang mga mamamayan ay pumipili ng kanilang representante at ang mga

representante ang pipili naman ng pinuno ng bansa. Hindi direktang hinahalal ng mga mamamayan ang pinuno ng bansa na kalimitang tinatawag na punong ministro. Wala rin takdang termino ang panunungkulan ng punong ministro. Maari siyang palitan anumang oras na naisin ng mayoridad.

Sultanato

Isang uri ng gobyerno na karaniwanmatatagpuan sa mga Islamikong bansa. Pinamumunuan ito ng isang sultan o hari na kalimitan ay panghabang buhay. Naipapamana rin ang kapangyarihan sa kaanak ng sultan. Kahalintulad nito ang monarkiya.

Kumunistang Estado

Isang uri ng gobyerno na pinamumunuan ng partidong kumunista. Karaniwang ang estado ang nagmamay-ari ng industriya at ang partido ang pumipili ng lider ng bansa. Naglalayon ang gobyernong ito na maalis ang di pagkapantay-pantay ng mamamayan dahil sa pribadong pag-aari.

Ang Asya ay nahahati sa limang malalaking bahagi. Ito ay ang sumusunod:

1. Timog- kanlurang Asya,
2. Timog Asya,
3. Silangang Asya,
4. Timog-Silangang Asya, at
5. Sentral at Hilagang Asya.

Marami sa mga bansa dito ay mga dating kolonya at dito matatagpuan ang sari-saring uri ng pamahalaan na naimpluwensyahan ng Islam, Kolonyalismo, Imperyalismo, Demokrasiya at Pilosopiyang Oryental.

Suriin ang Iba't ibang pamahalaan sa Asya na nakalista sa ibaba:

1. Timog-Kanlurang Asya			
Bansa	**Uri ng Gobyerno**	**Bansa**	**Uri ng Gobyerno**
1. Afganistan	Islamiko Estado	10. Jordan	Monarkiyang Konstitusyunal
2. Armenia	Republika	11. Kuwait	Kunstitusyunal na Emirato
3. Azerbaijan	Republika	12. Lebanon	Republikang "multi-party"
4. Bahrain	Monarkiya	13. Oman	Sultanato
5. Cyprus	Republika	14. Qatar	Monarkiya
6. Georgia	Republika	15Saudi Arabia	Monarkiya
7. Iran	Republikang Islamiko	16.Syria	Republika
8. Iraq	Republika	17. United Arab Emirates	Pederasyon ng mga Emirato
9. Israel	Parlyamentaryong Demokratiko	18. Yemen	Republika

2. Timog Asya			
1.Bangladesh	Republika Multi-Party	5.Nepal	Monarkiyang Konstitusyunal
2.Bhutan	Monarkiyang Konstitusyunal	6. Pakistan	Pederasyon ng Islamikong Republika Multi-Party
3. India	Republika	7. Sri Lanka	Republika
4.Maldives	Republika		

3. Silangang Asya			
1. China	Kumunistang Estado Multi-Party	4. South Korea	Republika
2. Japan	Monarkiyang Kunstitusyunal	5. Taiwan	Republika Multi Party
3. North Korea	Kumunistang Republika		

4. Timog-Silangang Asya			
1. Brunei	Sultanatong Kunstitusyunal	6. Malaysia	Pederasyong Parlyamentaryong Demokrasiya na may Monarkiyang Kunstitusyunal
2. Burma	Batas Militar	7. Philippines	Republika
3. Cambodia	Monarkiyang Kunstitusyunal	8.Singapore	Republika

4. Indonesia	Republika	9. Thailand	Monarkiyang Kunstitusyunal
5. Laos	Kumunistang Estado	10. Vietnam	Kumunistang Estado

5. Sentral at Hilagang Asya			
1. Kazakhstan	Republika	4. Tajikistan	Republika
2. Kyrgystan	Republika	5. Turkmenistan	Republika
3. Mongolia	Republika	6. Uzbekistan	Republika

Sa apatnaput- anim na bansang nabangit dalawamput-lima ang republika at mangilan-ngilan lamang ang monarkiya, sultanato, kumunista, parlyamentaryo at emirato. Masasabi natin na karamihan sa mga Asyano ay may pagpapahalaga sa karapatang pumili ng kanilang mga pinuno at nakikilahok sa mga prosesong pulitikal lalong-lalo na sa eleksyon ng kanilang mga pinuno.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Panuto: Isulat kung tama o mali ang mga sumusunod na pangungusap.

_____1. Ang emir ay isang titulong ipinagkaloob sa isang mataas na opisyal-militar at gobernador ng probinsya na may kapangyarihang administrtibo at pinansyal.

_____2. Ang papel ng isang monarko sa kunstitusyunal na monarkiyang nananatili hangang sa kasalukuyan ay kalimitang seremonyal na lamang.

_____3. Ang pulitika ay maituturing na mga gawaing may kaugnayan sa pamamahala o sa gobyerno.

_____4. Ang Republika ay isang uri ng pamahalaan kung saan walang kapangyarihan ang mamamayan na direkta o di- direktang mamili o bumoto ng mga representante nila.

_____5. Sa parlyamentaryong pamahalaan ay hiwalay ang ehikutibo at lehislabong kapangyarihan.

B. Panuto: Tukuyin ang uri ng pamahalaan ng mga sumusunod na bansa:

1. Cambodia -_____
2. Vietnam- _____
3. Bahrain- _____
4. Oman - _____
5. Mongolia -_____
6. China - _____
7. Burma- _____
8. Kuwait - _____
9. Israel - _____
10. Pilipinas - _____

Tandaan Mo!

- Ang pulitika ay mga gawaing may kaugnayan sa pamamahala o sa gobyerno, kabilang na rito ang iba't-ibang teorya at pagkilos ng pamahalaan, ang pagkakaroon ng kapangyarihang lehislatibo at ehikutibo at ang pagbuo at pamamalakad ng mga organisasyong may kaugnayan sa gobyerno.
- May iba't-ibang uri ng pamahalaan sa Asya tulad ng republika, parlyamentaryo, monarkiya, sultanato, emirate, at kumunismo.
- Ang Republika ay isang uri ng pamahalaan kung saan ang kapangyarihan ay nananahan sa mga taong may direkta o di- direktang mamili o bumoto ng mga representante nila na hahawak ng pamunuan sa limitadong panahon.
- Ang Monarkiya. Isang sistemang pulitikal kung saan ang isang individual ang may soberenya na kalimitan ay panghabang-buhay. Ito ay itinuturing na pinakamatandang uri ng pamamahala.
- Ang Emirato ay isang uri ng pamahalaan kung saan ang pinakamataas na pinuno ay ang Emir. Ang emir ay isang titulong ipinagkaloob sa isang mataas na opisyal-militar at gobernador ng probinsya na may kapangyarihang administrtibo at pinansyal
- Ang Parlyamentaryo ay isang uri ng gobyerno na kung saan ang ehikutibo at lehislatibong kapangyarihan ay pinagsama. Ang mga mamamayan ay pumipili ng kanilang representante at ang mga representante ang pipili naman ng pinuno ng bansa.
- Ang Sultanato ay isang uri ng gobyerno na karaniwanmatatagpuan sa mga Islamikong bansa. Pinamumunuan ito ng isang sultan o hari na kalimitan ay panghabang buhay. Naipapamana rin ang kapangyarihan sa kaanak ng sultan. Kahalintulad nito ang monarkiya.
- Ang Kumunistang Estado isang uri ng gobyerno na pinamumunuan ng partidong kumunista. Karaniwang ang estado ang nagmamay-ari ng industriya at ang partido ang pumipili ng lider ng bansa. Naglalayon ang gobyernong ito na maalis ang di pagkapantay-pantay ng mamamayan dahil sa pribadong pag-aari.

Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Magbigay ng tatlong mabuting katangian at kahinaan ng mga sumusunod na uri ng pamahalaan:

1.Monarkiya :

kabutihan1. _____

2. _____

3. _____

Kahinaan1. _____

2. _____

3. _____

2. Parlyamentaryo:

Kabutihan 1. _____

2. _____

3. _____

Kahinaan 1. _____

2. _____

3. _____

3. Republika

Kabutihan 1. _____

2. _____

3. _____

Kahinaan 1. _____

2. _____

3. _____

B. Ipaliwanag mo kung bakit makabubuti o hindi sa Pilipinas ang Parlyamentaryong Uri ng pamahalaan.

_____

_____

_____

_____

ARALIN 2
KAGANAPANG PULITIKAL AT MGA SULIRANIN NA HUMUBOG SA ASYA

Sa araling ito mababalangkas mo ang mga kaganapang pulitikal sa Asya. Malalaman mo na ang Asya ay lubos na naapektuhan at nahubog ang Asya ng dalawang digmaang pandaigdig, ng maraming mga maliliit at sunod sunod na digmaan naganap sa panig ng ilang bansa dito at ng pang ekonomikong krises na nakapagbago sa ilang prosesong pampulitika sa mga bansang nakapaluob dito.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Naipapaliwanag ang mga epekto ng ilang kaganapang pulitikal sa Asya
2. Natutukoy ang iba't- ibang suliranin na nakapagpapabagal sa pag-unlad ng Asya.
3. Nakapagbibigay ng sariling interpretasyon sa mga pangyayaring naganap sa Asya; at
4. Nakapagmumungkahi ng solusyon upang higit pang mapaunlad ang sariling kalagayan at kalagayan ng bansa.

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

A. Panuto: Lagyan ng tamang taon ang pangyayaring naganap sa Asya.

1. Pagkatatag ng Republika ng Turkey

   _____

2. Ang pagkahati ng India at Pakistan

   _____

3. Natapos ang digmaan sa Vietnam

   _____

4. Pagkahati ng Korea sa North at South

   _____

5. Pagkahiwalay ng Unyong Sobyet_____

B. Ano sa iyong palagay ang pinakamahalagang pangyayaring pulitikal sa ating bansa na nakaapekto sa Asya? Ipaliwanag.

_____

_____

_____

_____

_____

Ang Asya ay naapektuhan ng mga mahahalagang kaganapan na humubog sa karakter ng mga bansa at uri ng pamamahala o pamumulitika sa mga bansang nakapaloob dito.

Noong 1918, pagkatapos ang unang digmaang pandaigdig ay nahati ang emperyong Ottoman. Dahil dito, may mga mahalagang pulitikal na kaganapan ang nangyari.sa Asya. Isa na rito ang pagkatatatag ng Republika ng Turkey noong 1923. Idagdag pa rito ang paglaganap ng kolonyalismo sa mga bansa sa Asya. Ang dating Arabong probinsya ng emperyo ay naging mga kolonya ng Britanya kagaya ng Palestina, Transjordan at Iraq. Samantala, ang Syria naman at Lebanon ay naging kolonya ng Pransya.

Noong 1946, pagkatapos naman ang ikalawang digmaang pandaigdig ay naging malayang bansa ang Pilipinas at humina ang control ng mga Briton, Pranses at Dutch sa mga kolonya nito na nasakop ng mga Hapon. Ang India ay nahati sa Hindu India at sa Pakistan na dominado ng mga muslim noong 1947. Ang Burma at Sri Lanka naman ay pinagkalooban ng Britanya ng kasarinlan noong 1948. Samantala, ang rebolusyong pinamumunuan ng mga kumunista ang tumapos sa pananakop ng Pransya sa Indochina. Ang mga Dutch naman ay umalis sa Indonesia noong 1949. Ang Korea ay nagkaroon ng kasarinlan noong 1948 subalit nahati ito sa dalawa. Ang hilagang Korea ay nagkaroon ng kumunistang pamahalaan at ang timog Korea ay naging Republika.

Noong 1949, ang mga nasyonalistang Intsik ay umatras sa Taiwan nang ang Tsina ay sakupin ng rehimeng kumunista.

Hindi natapos sa ikalawang digmaang pandaigdig ang mga alitan sa Asya. Nagkaroon ng sunod-sunod na digmaan sa panig ng mga Arabong bansa at Israel, ganoon din sa pagitan ng India at Pakistan. Ang Estados Unidos naman ay nasangkot sa labanan sa Korea noong 1950 hangang 1953 at sa digmaan sa Vietnam na natapos noong 1975. Samantalang sapilitan naming nahati ang Cyprus noong 1975 sa sector ng Greyego at Turkista.

Noong 1991, dahil sa pagkawatak-watak ng dating Unyong Sobyet ay nagkaroon pa nang karagdagang walong bansa sa Asya. Sa pagtatapos ng “cold war” sa pagitan ng Estados Unidos at Unyong Sobyet ay naisisnulong muli ang usaping pangkapayapaan sa Gitnang Silangan at ang pagkakaroon ng pagkakaunawaan tungo sa kapayapaan sa panig ng Israel at PLO (Palestinian Liberation Organization)

Noong 1997 nagkaroon ng krises pang ekonomiko sa Asya na nakaapekto ng husto sa Japan, South Korea, Thailand, Malaysia at Indonesia na nagdulot din ng kaguluhang Pulitikal.

Matapos ang trahedyang 9/11 na nagpabaksak sa World Trade Center at pumatay sa maraming amerikano ay sinakop ng Estados Unidos katulong ang koalisyon ng ilang bansa ang Afghanistan sa paghahanap kay Bin Ladin at sa pagtatangka na labanan ang terorismo. Kasunod nito ang pagsakop ng Amerika sa Iraq upang patalsikin si Saddam Hussien.

Nagkaroon din ng malalaking pagsabog sa Indonesia at ibang bahagi ng Asya na hinihinalang kagagawan ng mga terorista na naging sanhi ng pagkamatay ng maraming inosenteng mamamayan at paghina ng industria ng turismo. Marami rin ang namatay ng tamaan ang Asya ng tsunami na nagdulot sa pagkasira ng maraming kabuhayan at pagkamatay ng maraming tao.

Ang mga pangyayaring ito ay nagdulot ng malaking hadlang sa pagsulong ng ekonomiya sa Asya at nagsilbing sukatan ng kagalingan ng mga pulitiko sa Asya na sumubok sa kanilang mga kakayahan masulusyunan ang mga sosyal, ekonomiko, at pulitikal na suliranin na hatid ng mga pangyayaring ito.

May suliranin ang mga bansa sa Asya na magkakahalintulad at kailangan mahanapan ng pulitikal na solusyon at sama-sama pagkilos. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. Katiwalian sa gobyerno. Marami sa bansang Asya ay pinamumugaran ng kurupsyon. Ang Pilipinas ay pumapangalawa na sa listahan ng may malalang problema sa katiwalian. Ito ay nangangailangan ng masusing kampanya at " political will" upang mabawasan o ganap na masugpo
2. Kahirapan. Marami sa bansa sa Asya ay kabilang sa mga umuunlad na bansa na ang ibig sabihin ay di pa rin maunlad at laganap ang kahirapan.
3. Walang humpay na pagdami ng populasyon. Hindi sana magiging suliranin kung may mga hanap buhay ang karamihan sa tao at marami ang yamang pinagkukunan ng mga bansa sa Asya. Subalit dahil sa kulang ang namumuhunan at pagkakakitaan lalo pa nitong nilulugmok ang mga bansa sa Asya sa kahirapan.
4. Pagkasira ng kalikasan. Marami sa kagubatan sa Asya ay kalbo na dahil sa bawal na pagtrotroso. Ang kawalan din ng mga Asyano ng pangangalaga sa natural na yaman at di pagkakaroon ng programa hingil sa "sustainable development" at maling paggamit sa kalikasan ang itinuturong dahilan ng ilang mga natural na trahedya na nanalanta sa Asya.
5. Pagkakaroon ng malaking utang na panlabas at malalaking "budget deficit" na higit pang naglulugmok sa ilang bansa sa kahirapan at kakulangan sa mga sirbisyong sosyal.
6. Kawalang paggalang sa karapatang pantao at karapatang sibil. Kasama pa rito ang "child labor" at kawalan o di patas na pagtingin sa mga kababaihan
7. Ang kawalan ng trabaho o pagkakaroon ng murang bayad sa paggawa na nagbababa sa estado ng pamumuhay ng ilang mga Asyano
8. Ang pagkakaroon ng mga rebeldeng grupo, at mga teroristang grupo sa ilang panig ng Asya na naghahasik ng takot at kaguluhan sa rehiyon.

Liban sa mga suliraning ito, may ilan pang mga sitwasyon na maaaring magdulot ng alitan sa mga bansa sa Asya.

1. Ang usaping pangkapayapaan sa Gitnang Silangan sa pagitan ng mga Palestino at Israel na kung hindi gagamitan ng matinding diplomasya ay maaring humantong muli sa digmaan. Idagdag pa rito ang kaganapan sa Iraq na maaring pagmulan mula ng kaguluhan.
2. Ang usapin sa Spratly na maaring humantong sa matinding alitan kapag hindi nahanapan ng pulitikal na solusyon.
3. Ang iringan sa pagitan ng India at Pakistan; North at South Korea; China at Taiwan idagdag pa rito ang pagkakaroon ng ilang grupong gusto ng humiwalay sa kanilang mga bansa at magkaroon ng kasarinlan.

Ang mga ito ay nagbibigay ng matinding hamon sa mga lider ng mga bansa sa Asya at humihingi ng matinding atensyon at kakayahan upang malapatan ng kaukulang solyusyon.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Panuto: Magbigay ng tatlong positibo at tatlong negatibong epekto ng mga sumusnod na pangyayari sa Asya sa ating bansa.

1. Ang krisis pinansyal sa Asya.

   Positibo: a._____b._____

   Negatibo: a. _____b. _____

2. Ang pagkawatak-watak ng Unyong Sobyet

   Positibo: a._____b._____

   Negatibo: a. _____b. _____

3. Ang laban sa terorismo

   Positibo: a._____b._____

   Negatibo: a. _____b. _____

B. Panuto: Pumili ng isang pinakamahalagang suliraning kinahaharap ang Asya at magbigay ng tatlong suhesyon upang masulusyunan ito.

Suliranin:_____

Solusyon: a. _____

b. _____

c. _____

Tandaan Mo!

- Ang Asya ay naapektuhan ng mga mahahalagang kaganapan na humubog sa karakter ng mga bansa at uri ng pamamahala o pamumulitika sa mga bansang nakapaloob dito. Katulad halimbawa ng dalawang digmaang pandaigdig, Ang krisis pinansyal, ang gera sa gulpo at ang mga pambobomba ng terorista sa ilang piling lugar
- Marami ring suliranin ang kinahaharap ng Asya sa kasalukuyan. Katulad ng katiwalian, kahirapan, pagdami ng populasyon, iringan ng ilang bansa, terorismo at pagkasira ng kalikasan
- Mayroon din mga sitwasyon sa Asya na maaring pagsimulan ng kaguluhan. Halimbawa nito ay ang pagtatalo sa pagmamay- ari ng islang Spratly, ang isyu ng North at South Korea, ang issue ng China at Taiwan at ang alitan ng Israel at Palestino. Ang mga ito ay kailangan ng husay sa pulitika upang maiwasang tuluyan ng sumiklab at maging ganap na digmaan

Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Sagutin o Ipaliwanag ang mga sumusunod:

1. Ano ang mga epekto sa Asya ng kolonialismo?

_____

_____

_____

_____

2. Ano- ano ang mga pagkakapareho sa mga suliranin ng mga bansa sa Asya?

_____

_____

_____

_____

_____

3. Papaano mahihinto ang terorismo sa Asya?

_____

_____

_____

_____

_____

ARALIN 3

MGA KILALANG LIDER-PULITIKAL AT ORGANISASYON SA ASYA

Sa aralin ito makikilala mo ang ilang mga sikat na lider sa Asya at ang mga sitwasyong nag-udyok sa kanila upang sumabak sa larangan ng pulitika. Matutukoy mo ruin ang ilang mahahalagang organisasyong pulitikal sa Asya at ang mga layunin nito. Pag-aarlan mo rin ang mga kasalukuyang lider ng mga bansa sa Asya.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natutukoy ang mga mahahalagang lider-pulitikal sa Asya
2. Nasusuri ang papel na ginagampanan ng mga rgnisasyon pulitikal sa buhay ng mga Asyano.
3. Naipaghahambing ang mga katangian ng mga lider-pulitikal ng Asya. at
4. Naiisa-isa ang mga kasalukuyang pinuno ng mga bansa sa Asya

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Tukuyin ang bansang pinamunuan o pinagmulan ng mga sumusunod na sikat na lider sa Asya.

1. Corazon Aquino-_____
2. Mahathir Mohamad_____
3. Lee Kuan Yu _____
4. Indira Gandhi _____
5. Tanaka Makiko _____
6. Aung San Suu Kyi _____
7. Yasir Arafat _____
8. Wan Azizah Wan Ismail _____
9. Ariel Sharon _____
10. Sirimavo Bandaranaike _____

Ang Asya sa modernong panahon ay nagkaroon ng mga iba't- ibang lider na kinilala hindi lamang sa kani-kanilang bansa kundi sa buong mundo kilalanin mo ang ilan sa kanila:

Lee Kuan Yu

Ang dating punong ministro ng Singapore na isa sa mga miembro ng delegasyong naghikayat sa Britanya upang mabigyan ng kasarinlan ang Singapore. Sa kanyang pamumuno ang Singapore ay umunlad at nagging sentro ng pandaigdigang pangangalakal sa Asya.

Mahathir bin Mohamad,

Ang dating punong ministro ng Malaysia na naging aktibo sa pandaigdigang pulitika at sa ASEAN (Association of Southeast Asian Nations at Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) porum. Kalimitan siyang naninindigan at nagsasalita pabor sa

nonalignment; at pagpapaunlad ng ekonomiya ng mga tipikal na mahihirap na bansa sa katimugan**.**

Singh, Vishwanath Pratap

Isang pulitiko na nanindigan laban sa katiwalian sa India. Kilala siyang tapat na lider laban sa katiwaklian sa gobyerno. Nang siya ay naging punong ministro ng India sinubukan nyang magbalangkas ng pang ekonomikong reporma at ayusin ang gusot at relasyon ng India sa Pakistan, Sri Lanka at Bangladesh. Siya ay tumagal bilang punong ministro ng India sa loob lamang ng labing-isang buwan.

Arafat, Yasir

Ang pinuno ng Palestine Liberation Organization (PLO)n mula 1969 hangang 2004. Si Arafat ay namuno sa mga Palestinong isulong ang pagiging estado ng Palestina. Dahil sa kanyang paghahanap ng kapayapaan sa pagitan ng Palestina at Israel siya ay nagawaral ng 1994 Nobel Peace prize kasama ng mga lider ng Israel na sina Yitzhak Rabin at Shimon Peres.

Sharon, Ariel

Ang lider ng Likud Party ng Israel. Isa siyang sundalo na may matigas na paninindigan sa isyu ng Palestina-Israel at sa anumang nakikitang banta sa seguridad ng Israel. Siya ang nag-utos na okupahin at tirhan ng mga Israelita ang West Bank at Gaza Strip. Siya rin ang nag-utos sa pagataki sa Palestine Liberation Organization (PLO) sa Lebanon.

Sheikh Hasina Wajed

Ang dating punong ministro ng Bangladesh na nakipaglaban siya upang makamtan ng Bangladesh ang demokrasya at dahil dito siya ay makailang ulit na nabilango sa kanyang tahanan. Matapos niyang pamunuan ang kampanyang aktibismo ng liga ng Awami at ang mga protesta laban kay punong ministro Khaleda Zia, siya ay nahalal na punong ministro ng Bangladesh nang si Zia ay magbitiw noong 1996. Ang pangunahing

tagumpay ay nang magawa niyang sagana sa pagkain ang Bangladesh mula sa pagiging bansang kulang sa pagkain.

Begum Khaleda Zia

Kilala si Zia bilang unang babaeng punong ministro ng Bangladesh. Siya rin ang kasalukuyang punong ministro ng Bangladesh. Sa kanyang unang termino bilang punong ministro isinapribado nya ang mga industriya at pinagbuti ang sistema ng edukasyon sa kanyang bansa. Pinalawak nya rin ang oportunidad pang ekonomiko ng mga kababaihan. Matapos nyang manalo ng ikalawang termino noong 1996 bumaba siya sa pwesto pagkaraan lamang ng isang buwan. Noong 2001, nakabalik si Zia sa kapangyarihan at kasalukuyang nanunungkulan bilang punong ministro ng Bangladesh. Ipinangako niya na aalisin ang katiwalian sa gobyerno at lalabanan nya ang terorismo.

Indira Gandhi

Kilalang lider ng India na nanungkulan ng apat na termino bilang punong ministro. Sinuportahan niya ang pagkalas ng Silangang Bengal sa Pakistan. Nagpatupad ng mga di popular na polisiya tulad ng pagkontrol ng populasyon at malawakang estirilisasyon sa India. Inutos nya ang pag atake sa Golden Temple ng Amristar upang upang balaan ang mga Sikhs sa kanilang planong pagkalas sa India. Dahil dito gumanti ang mga Sikhs at siya'y pinatay sa kanyang hardin ng kanyang mga guwardiyang sikh pagkaraan ng limang buwan.

Megawati Sukarnoputri

Siya ay ang dating pangulo ng Indonesia na anak ni heneral Sukarno ang kinikilalang tagapagtatag ng Indonesia. Nabigyan nya ng kaunting katatagan ang pulitika sa Indonesia, at nagkaroon ng limitadong tagumpay laban sa panloob na sigalot, problemang ekonomiko at terorismo

Tanaka Makiko

Ang kauna-unahang babaeng ministrong panlabas ng Japan. Ang kanyang determinasyon at pagkakaroon ng independenteng kaisipan ang naglunsad sa kanya bilang pinaka popular na pulitiko sa Japan. Inakusahan siya ng katiwalian subalit ito ay napawalang bias at noong Nobyembre 2003 tumakbo siya bilang independiente at nahalal sa house of common ng Japan.

Wan Azizah Wan Ismail

Asawa ni Anwar Ibrahim, na ipinakulong ng punong ministrong Mahathir Mohamad sa akusasyong katiwalian at sodomiya na tinitingnan ng nakararaming Malay na isang paraan upang mawalan si Mahathir ng kalaban sa pulitika. Dahil dito si Azizah ay naglungsad ng malawakang kampanya upang ibalik ang katarungan, pagiging patas at baguhin ang lipunan ng Malaysia. Sa maraming Malay si Azizah ay simbolo ng lakas ng kalooban, etikitang moral at katatagan.

Aung San Suu Kyi

Isang lider ng oposisyon at aktibista na nakikibaka sa gobyernong militar sa Myanmar na tumangap ng Nobel Peace Prize noong 1991. Si Suu Kyi ay anak ng kinikilalang tagapagtatag ng Burma. Siya ay nangangalap ng supporta sa pakikibakang kanyang bansa upang magkaroon ng demokrasiya at igalang ang karapatang pantao. Nanalo siya sa eleksyon noong Mayo 1990 kahit siya ay nakakulong, subalit ang resulta ng eleksyon ay di kinilala ng rehemeng militar.

Corazon Aquino

Ang unang babaeng presidente ng Pilipinas na asawa ng pinaslang na lider ng oposisyon sa rehimeng Marcos. Matapos mapaslang ang kanyang asawa ay nagging aktibo sa pulitika si Cory. Nilabanan niya si Marcos noong magpatawag ito ng snap eleksyon noong Pebrero 1986. Inakusahan niya ang gobyerno ng pandaraya sa eleksyon at namuno sa di-marahas na people power na nagpatalsik kay Marcos. Bilang pangulo nagging instrumental ang kanyang popularidad upang magkaroon ng supporta galling sa ibang bansa at makatatag ng bagong gobyerno. Naisyulat din ang 1987

kunstitusyon ng Pilipinas noong termino niya subalit nabigo siyang magsagawa ng mga pundamental na pagbabago sa ekonomiko at sosyal na larangan dahil sa maraming problema at kudeta na naganap noong siya ay namumuno.

Sirimavo Bandaranaike

Siya ang kauna-unahang babaeng naging punong ministro sa mundo. Ang kanyang gobyerno ay nilimitahan ang malayang pangangalakal, isinapubliko ang mga industriya, nagpatupad ng reporma sa lupa at naglatag ng bagong kunstitusyon na nagproklama sa Ceylon bilang isang republika na pinangalanang Sri Lanka.

Kasalukuyang Lider sa Asya:

Ang mga kasalukuyang pinuno ng mga bansa sa Asya ay matatagpuan sa ibaba. Pag-aralan mo ito bilang karagdagang kaalaman at palitan kung mayroon ng nahirang na bagong pinuno sa mga bansang nailatag.

Estado	Gobyerno	Pinuno ng Estado	Pinuno ng Gobyerno
Afghanistan	Presidential na republika	Presidente Hamid Karzai	
Azerbaijan	Presidential na republika	Presidente Ilham Aliyev	Punong Ministro Artur Rasizade
Bahrain	semi-Kunstitusyonal na monarkiya	Haring Hamad ibn Isa Al Khalifa	Punong Ministro Sheikh Khalifa ibn Salman Al Khalifa
Bangladesh	parlyamentaryong republika	Presidente Iajuddin Ahmed	Punong Ministro Khaleda Zia
Bhutan	Purong monarkiya	Haring Jigme Singye Wangchuck	Punong ministro Lyonpo Sangay

			Ngedup
Brunei	Purong monarkiya	Sultan at Punong Ministro Sir Hassanal Bolkiah	
Cambodia	parlyamentaryong monarkiya	Haring Norodom Sihamoni	Punong ministro Samdech Hun Sen
People's Republic of China	Estadong pinamumunuan ng kumunistang partido	Presidente Hu Jintao	Puno ng Conseho ng Estado Wen Jiabao
Cyprus	Presidensyal na republika	Presidente Tassos Papadopoulos	
East Timor	Parlyamentaryong Republika	Presidente Xanana Gusmão	Punong Ministro Mari Alkatiri
Georgia	Presidensyal na republika	Presidente Mikhail Saakashvili	Punong Ministro Zurab Nogaideli
India	Parlyamentaryong Republika	Presidente A.P.J. Abdul Kalam	Punong Ministro Manmohan Singh
Indonesia	Presidensyal na republika	Presidente Susilo Bambang Yudhoyono	
Iran	clerikal na republika	Supremong Lider Ayatollah Ali Khamenei; President Mahmoud Ahmadinejad	
Iraq	Parlyamentaryong Republika	Presidente Jalal Talabani	Punong Ministro Ibrahim al-Jaafari
Israel	Parlyamentaryong Republika	Presidente Moshe Katsav	Punong Ministro Ariel Sharon

Japan	Parlyamentaryong monarkiya	Emperorador Akihito	Punong ministro Junichiro Koizumi
Jordan	semi-Kunstitusyunal na monarkiya	Haring Abdullah II	Punong Ministro Marouf al-Bakhit
Kazakhstan	Presidensyal na republika	Presidente Nursultan Nazarbayev	Punong Ministro Daniyal Akhmetov
North Korea	Estadong pinamumunuan ng kumunistang partido	Ang Yumaong Kim Il Sung (Eternal na Presidente) Kim Jong Il (Pinuno ng National Defence Commission; kinikilalang "Pinakamataas na Pinunong administratibo) Kim Yong Nam (Pinuno ng Estadong panlabas at Chairman ng Presidium ng Supreme People's Assembly)	Premier Pak Pong Ju
South Korea	Presidensyal na Republika	Presidente Roh Moo Hyun	Punong Ministro Lee Hai Chan
Kuwait	semi-Kunstitusyunal na monarkiya	Emir Jaber Al Ahmad Al Jaber Al Sabah	Punong Ministro Minister Sheikh Sabah Al Ahmad Al Jaber Al Sabah
Kyrgyzstan	Presidensyal na Republika	Presidente Kurmanbek Bakiyev	Punong Ministro Feliks Kulov
Laos	Estadong pinamumunuan ng kumunistang partido	Presidente Khamtai Siphandon	Punong Ministro Boungnang Vorachith
Lebanon	semi-presidensyal konpeyonal na republika	Presidente Emile Lahoud	Punong Ministro Fouad Siniora

Malaysia	parlyamentaryong monarkiya	*Yang di-Pertuan Agong* Syed Sirajuddin ibni al-Marhum Syed Putra Jamalullail (tinaguriaang as "Hari" sa Kanluran)	Punong Ministro Dato' Seri Abdullah Ahmad Badawi
Maldives	Presidensyal na republika	Presidente Maumoon Abdul Gayoom	
Myanmar (Burma)	junta militar na walang representanteng institusyon	Sr. Gen. Than Shwe (Chairman ng State Peace and Development Council)	Punong Ministro Soe Win
Oman	Purong monarkiya	Sultan and Punong ministro Qaboos ibn Sa'id Al 'Bu Sa'id	
Pakistan	Presidentsyal na republika	Presidente Pervez Musharraf	Punong Ministro Shaukat Aziz
Palestine (disputed area)		Presidente o Chairman Mahmoud Abbas	Punong Ministro Ahmed Qureia
Saudi Arabia	Purong Monarkiya	Hari at Punong Ministro Abdullah	
Singapore	parlyamentaryong republika	Presidente S.R. Nathan	Punong Ministro Lee Hsien Loong
Sri Lanka	semi-presidensyal na republika	Presidente Mahinda Rajapakse	
Syria	Presidensyal na republika	Presidente Bashar al-Assad	Punong Ministro Muhammad Naji al-Otari

Republic of China (Taiwan)	semi-presidensyal na republika	Presidente Chen Shui-bian	Presidente ng ehikutibo Yuan Frank Hsieh
Tajikistan	Presidensyal na republika	Presidente Emomali Rahmonov	Punong Ministro Okil Okilov
Thailand	parlyamentaryong monarkiya	Haring Bhumibol Adulyadej	Punong Ministro Thaksin Shinawatra
Turkmenistan	Presidensyal na republika	Presidente Saparmurat Niyazov	
United Arab Emirates	Purong Monarkiya	Presidente Sheikh Khalifa ibn Zayed Al Nahayan (ang Emir ng Abu Dhabi)	Punong Ministro Sheikh Maktum ibn Rashid Al Maktum (ang Emir ng Dubai)
Uzbekistan	Presidensyal na republika	Presidente Islam Karimov	Punong Ministro Shavkat Mirziyayev
Vietnam	Estadong pinamumunuan ng kumunistang partido	Presidente Tran Duc Luong	Punong Ministro Phan Van Khai

Ilang Mahahalagang Asosasyong Pulitikal Sa Asya

1. Ang **Association of Southeast Asian Nations** (ASEAN) ay isang alyansang rehiyunal ng sampung malalayang bansa na sumusulong sa katatagan at pagunlad ng ekonomiya sa timog silangang Asya. Ang organisasyon ay naghihikayat sa mga kasapi na magkaroon ng palitan ng kultura. Ang ASEAN ay itinatag noong Agusto 1967 ng Malaysia, Thailand, at ng mga republika ng Indonesia, Singapore, at Pilipinas. Ang Brunei sumapi sa alyansa ng makuha nito ang kanyang kasarinlan

mula sa Britanya noong 1984. Samantalang ang Vietnam na kauna-unahang kumunistang kasaping bansa ay tinangap bilang miyembro noong. Ang Laos and Myanmar (dating Burma) ay sumali noong 1997, at ang Cambodia naman ay naging kasapi noong1999. Ang sentrong tangapan ng ASEAN na namamahala sa mga aktibidades ng organisasyon ay matatagpuan sa Jakarta, Indonesia.

Itinatag noong kasagsagan ng digmaan sa Vietnam, ang orihinal na intension ng ASEAN ay ang hadlangan ang pagkalat ng kumunismo sa Timog-Silangang Asya. Ang mga pangunahing layunin ng ASEAN na napapaloob sa deklarasyon sa Bangkok noong 1967, ay ang pabilisin ang kaunlarang pang ekonomiko at isulong ang kapayapaan at katatagan sa rehiyon. Naitatag ang pinag isang porum sa pagitan ng ASEAN at Japan noong 1977, at nalagdaan ang kasunduan ng kooperasyon sa pagitan nito at ng mga bansa sa Europa noong1980. Ang ASEAN ay ginampanan ang malaking papel na mamagitan sa digmaang sibil sa Cambodia. Noong Enero 1992, ang mga kasaping bansa ng ASEAN ay nagkasundong magkaroon ng malayang pangangalakal at bawasan ang buwis sa mga inaangkat na produktong di-agrikultural sa loob ng 15 taon na sinimulan noong 1993.

2. Ang **Organization of Petroleum Exporting Countries** (OPEC) ay isang internasyonal na organisasyon na may pangunahing layunin na pangasiwaan ang mga polisiya hingil sa krudo at langis ng mga kasaping estado. Naitatag noong1960, ang OPEC ay may 11 kasapi --Algeria, Indonesia, Iran, Iraq, Kuwait, Libya, Nigeria, Qatar, Saudi Arabia, United Arab Emirates, at Venezuela. May dalawang bansang sumapi subalit kalaunay tmigil sa pagiging kasapi. Ang Ecuador na sumapi noong1973 ay lumisan noong 1992 at ang Gabon na sumapi noong 1975 ay tumigil sa pagiging miyembro noong1995. Ang punong tanggapan ng OPEC ay matatagpuan sa Vienna, Austria. Ang nangangasiwa sa organisasyon ay ang Comperensya na binubuo ng matataas na level na representante ng mga kasaping bansa na nagpupulong ng dalawang ulit bawat taon. Ang lupon ng gobernador ang siyang nagpapatupad ng mga resolusyon ng Comperensya at namamahala sa organisasyon.

Ginamit ng OPEC ang kanyang kapangyarihan noong 1970's ng bawasan nito ang suplay ng langis sa mga bansang di kasapi at taasan nito ang presyo ng langis. Isa pang taktika na ginamit ng OPEC ay ang magtalaga ng limitasyon sa produksyon ng langis ng bawat kasaping bansa upang mapanatili ang presyo ng langis. Ginagamit rin ng organisasyon ang suplay ng langis bilang taktika sa pulitika-halimbawa nito ay ng itigil ng OPEC ang pagbenta ng langis sa mga bansang sumuporta sa Israel noong digmaang Arabo-Israel noong 1973 na nagdulot ng malaking kakulangan at krisis sa langis sa maraming bansa.

3. Ang **Organization of the Islamic Conference** (**OIC**) ay isang organisasyon ng mga bansa na may permanenteng delegasyon sa United Nations.Ito ay binubuo ng 57 na karamihan ay Islamikong bansa sa gitnang silangan hilaga at kanlurang Africa, Sentral Asya, Timog-Silangang Asya at ang sub- kontinente ng India, (liban sa Albania, Guyana, at Surinam). Ang OIC ay dedikado na pagsilbihan ang interes ng mahigit kumulang na 1.4 bilyong Muslim sa buong mundo. Ang puinagsamang GDP ng OIC ay umaabot sa 5,505,810 milyong dolyares.

Ang pangunahing layunin ng OIC ay ang pagsulong ng pakikiisa ng lahat ng kasaping bansa; paigtingin ang kooperasyon ng mga kasaping bansa sa larangan ng ekonomiko, sosyal,kultural, siyentipiko at iba pang larangan; ang magpunyaging alisin ang sigregasyon ng lahi at discriminasyon at labanan ang kolonyalismo at lahat ng uri at porma nito; ang suportahan ang mamamayang Pelistino sa kanilang pakikibakang makamtan ang kanilang karapatang nasyunal at maiballik sa kanila ang lupang tinubuan, at suportahan lahat ng muslim sa kanilang pakikibakang mapangalagaan ang kanilang dignidad, kasarinlan at karapatan bilang nasyon.

Ang OIC ay naitatag sa **Rabat**, **Morocco** nong **Septiembre 25**, **1969** bilang reaksyon sa panununog sa Mosque ng **Al-Aqsa Mosque** nong **Agusto 21**, **1969**.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Panuto: Ibigay ang kasulukuyang 1. pinuno ng estado 2. Pinuno ng gobyerno ng mga sumusunod na bansa sa Asya.

1. Israel_____
2. Cambodia_____
3. Thailand_____
4. Pakistan_____
5. Pilipinas_____
6. Bangladesh_____
7. Taiwan_____
8. South_____
9. Korea_____
10. Japan_____
11. Iraq_____

B. Panuto: Sagutin ang mga sumusunod:

1. Sa mga nabangit na lider, sino ang higit na hinahangaan mo at bakit?

   Lider:_____ Bansa:_____ Mga katangian: a _____

   b._____c. _____d._____

2. Ano sa palagay mo ang mga dapat isagawa ng magaling na lider ng isang bansa?

   a._____

   b_____

3. Anong mga katangian mo na maaring mapaunlad upang magi kang mabuting lider?

   a. _____b._____

Tandaan Mo!

- Ang Asya ay nagkaroon ng mga lider-pulitikal na nagpakita ng katapangan, husay sa pangangasiwa ng ekonomiya, paninindigan, at pagpupunyaging makamit ang demokrasya, kapayapaan at pagbabago ng lipunan. Kabilang sa mga lider na ito ay sina Lee Kuan Yu, Mahathir Mohamad, Indira Gandhi, Yasir Arafat, Ariel Sharon, Aung San Suu Kyi, Wan Azizah Wan Ismail at marami pang iba.
- Ang organisasyong ASEAN, OPEC at OIC ay mga halimbawa ng mga samahan na nagsusulong para sa kaunlaran, kooperasyon at kapayapaan sa Asya
- Marami ring mga magagaling na lider na kababaihan sa Asya na nagpamalas ng kagalingan sa larangan ng pulitika katulad nina Sirimavo Bandaranaike, Megawati Sukarnoputri, Begum Khaleda Zia at marami pang iba



Gawain 3: Paglalapat

A. Panuto: Ilista ang mga sumusunod;

1. Kabutihang dulot saiyo ng ASEAN

a._____

b._____

2. Kabutihang hatid ng ASEAN sa ating bansa

a._____

b._____

3. Anim na bansang kasapi sa ASEAN

a._____b._____c._____

d._____e._____f._____

B. Panuto: Sagutin sa maikling pangungusap ang mga sumusunod:

1. Nakakatulong ba o nakakahadlang ang karamihang pulitiko sa pagsulong ng kanilang bansa?

Bakit?_____

_____

_____

_____

2. Ang mga Asyano ba ay may angking kagalingan sa pulitika?

_____

_____

_____

_____

3. Paano ka makakatulong sa pagpapabuti ng kalagayang pulitika ng iyong bansa?

_____

_____

_____

_____

MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang pulitika ay mga gawaing may kaugnayan sa pamamahala o sa gobyerno, kabilang na rito ang iba't-ibang teorya at pagkilos ng pamahalaan, ang pagkakaroon ng kapangyarihang lehislatibo at ehikutibo at ang pagbuo at pamamalakad ng mga organisasyong may kaugnayan sa gobyerno.
- May iba't-ibang uri ng pamahalaan sa Asya tulad ng republika, parlyamentaryo, monarkiya, sultanato, emirate, at kumunismo.
- Ang Republika ay isang uri ng pamahalaan kung saan ang kapangyarihan ay nananahan sa mga taong may direkta o di- direktang mamili o bumoto ng mga representante nila na hahawak ng pamunuan sa limitadong panahon.
- Ang Monarkiya. Isang sistemang pulitikal kung saan ang isang individual ang may soberenya na kalimitan ay panghabang-buhay. Ito ay itinuturing na pinakamatandang uri ng pamamahala.
- Ang Emirato ay isang uri ng pamahalaan kung saan ang pinakamataas na pinuno ay ang Emir. Ang emir ay isang titulong ipinagkaloob sa isang mataas na opisyal-militar at gobernador ng probinsya na may kapangyarihang administrtibo at pinansyal
- Ang Parlyamentaryo ay isang uri ng gobyerno na kung saan ang ehikutibo at lehislatibong kapangyarihan ay pinagsama. Ang mga mamamayan ay pumipili ng kanilang representante at ang mga representante ang pipili naman ng pinuno ng bansa.
- Ang Sultanato ay isang uri ng gobyerno na karaniwanmatatagpuan sa mga Islamikong bansa. Pinamumunuan ito ng isang sultan o hari na kalimitan ay panghabang buhay. Naipapamana rin ang kapangyarihan sa kaanak ng sultan. Kahalintulad nito ang monarkiya.
- Ang Kumunistang Estado isang uri ng gobyerno na pinamumunuan ng partidong kumunista. Karaniwang ang estado ang nagmamay-ari ng industriya at ang partido

ang pumipili ng lider ng bansa. Naglalayon ang gobyernong ito na maalis ang di pagkapantay-pantay ng mamamayan dahil sa pribadong pag-aari.

- Ang AsyA ay naapektuhan ng mga mahahalagang kaganapan na humubog sa karakter ng mga bansa at uri ng pamamahala o pamumulitika sa mga bansang nakapaloob dito. Katulad halimbawa ng dalawang digmaang pandaigdig, Ang krisis pinansyal, ang gera sa gulpo at ang mga pambobomba ng terorista sa ilang piling lugar
- Marami ring suliranin ang kinahaharap ng Asya sa kasalukuyan. Katulad ng katiwalian, kahirapan, pagdami ng populasyon, iringan ng ilang bansa, terorismo at pagkasira ng kalikasan.
- Mayroon din mga sitwasyon sa Asya na maaring pagsimulan ng kaguluhan. Halimbawa nito ay ang pagtatalo sa pagmamay- ari ng islang Spratly, ang isyu ng North at South Korea, ang issue ng China at Taiwan at ang alitan ng Israel at Palestino. Ang mga ito ay kailangan ng husay sa pulitika upang maiwasang tuluyan ng sumiklab at maging ganap na digmaan
- Ang Asya ay nagkaroon ng mga lider-pulitikal na nagpakita ng katapangan, husay sa pangangasiwa ng ekonomiya, paninindigan, at pagpupunyaging makamit ang demokrasya, kapayapaan at pagbabago ng lipunan. Kabilang sa mga lider na ito ay sina Lee Kuan Yu, Mahathir Mohamad, Indira Gandhi, Yasir Arafat, Ariel Sharon, Aung San Suu Kyi, Wan Azizah Wan Ismail at marami pang iba.
- Ang organisasyong ASEAN, OPEC at OIC ay mga halimbawa ng mga samahan na nagsusulong para sa kaunlaran, kooperasyon at kapayapaan sa Asya
- Marami ring mga magagaling na lider na kababaihan sa Asya na nagpamalas ng kagalingan sa larangan ng pulitika katulad nina Sirimavo Bandaranaike, Megawati Sukarnoputri, Begum Khaleda Zia at marami pang iba

PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:

I. Panuto: Suriin ang mga tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Isang titulong ipinagkaloob sa isang mataas na opisyal-militar at gobernador ng probinsya na may kapangyarihang administrtibo at pinansyal. Karaniwang namumuno sa ilang Islamikong bansa sa Asya

A. Hari
C. Sultan
B, Punong Ministro
D. Emir

2. Siya ang punong ministro ng Malaysia mula 1981 hangang 2003. Naging aktibo siya sa ASEAN at nanindigan sa paggiging non aligned ng mga bansa at pagkakaroon ng ekonomikong pag-unlad lalo na ng bansa sa katimugan.

A. Lee Kuan Yew
C. Ferdinand Marcos
B. Mahathir bin Mohamad.
D. Benazir Bhutto.

3. Ito ang organisasyong kinabibilangan ng karamihang bansa sa Asya na nangangalaga sa kapakanan ng mga muslim.

A. ASEAN
C. OIC
B. OPEC
D. SEATO

4. Ito ang uri ng pamahalaan ng karamihan sa mga bansa sa Asya.

A. Monarkiya
C. Parlyamentaryo
B. Emirato
D. Republikano

5. Anak siya ng tagapagtatag ng makabagong Burma at isinusulong niyang maibalik ang pamumuno sa Burma sa kamay ng sibilyan. Nabigyan din siya noong 1991 ng Nobel Peace Prize dahil sa kanyang mapayapang pamamaraan ng pagprotesta.

A. Aung San Suu Kyi
B. Megawati Sukarnoputri
C.Tanaka Makiko
D. Benazir Bhutto

6. Ang lider ng PLO na namuno sa pagsulong para sa kalayaan at pagiging estado ng Palestinya.

A. Arafat, Yasir
B. Yitzhak Rabin
C. Shimon Peres
D. Sharon, Ariel

7. Siya ang kauna-unahang babaeng punong ministro sa mundo na nanungkulan at sa bansang ng Sri Lanka.

A. Sirimavo Ratwatte Dias Bandaranaike
B. Benazir Bhutto
C. Aung San Suu Kyi
D. Corazon Aquino

8. Ang unang punong ministro ng Singapore na nagpatupad ng estriktong batas sa Singapore at namuno upang ang bansang ito ay maging sentro ng pandaigdigang pangangalakal sa Asya.

A. Lee Kuan Yew
B. Mahathir bin Mohamad
C. Ferdinand Marcos
D. Benazir Bhutto

9. Alin sa mga sumusunod na bansa ang hindi kasapi sa ASEAN?

A. Pilipinas
B. Malaysia
C. Korea
D. Myanmar

10. Ang China at ang North Korea ay mga bansa ng may anong uri ng pamahalaan?

A. Islamikong Estado
B. Kumunistang Estado
C. Monarkiya
D. Parlyamentaryo

11. Lider siya ng Likud Party sa Israel at kilala sa matigas na pananaw sa isyung Israeli- Palestinya at seryuso tinutugunan ang anumang banta sa seguridad ng Israel.

A. Arafat, Yasir
B. Yitzhak Rabin
C. Shimon Peres
D. Sharon, Ariel

12. Ang Palestina, Transjordan at Iraq ay dating kolonya ng anong bansa?

A. Pransya
C. Britanya
B. Estados Unidos
D. Spanya

13. Ang Syria at Lebanon ay naging kolonya ng anong bansa?

A. Pransya
C. Britanya
B. Estados Unidos
D. Spanya

14. Anong organisasyon na pinamunuan ni Yasir Arafat ang naglalayong magkaroon ng kasarinlan ang mga Palistino sa Gtnang Silangang Asya?

A. Likud Party
C. PLO
B. IRA
D. ILO

15. Noong 1997, anong krisis ang naranasan ng Asya na nakaapekto ng husto sa negosyo at pamumuhay ng mga Asyano?

A. krisis sa langis
B. krisis na dulot ng masamang panahon
C. krisis pangkapayapaan
D. krisIs sa pananalapi

16. Siya ay kilala bilang kauna-unahang babaeng naging ministrong panlabas sa Japan.

A. Aung San Suu Kyi
B. Megawati Sukarnoputri
C. Tanaka Makiko
D. Benazir Bhutto

17. Siya ang kauna-unahang babae na namuno sa isang Islamikong bansa sa modernong kasaysayan. Namuno siya sa Pakistan subalit dahil sa akusasyon ng katiwalian at maling pamamalakad, ang kanyang gobyerno ay dinismis ni Presidente Farooq Leghari noong 1996.

A. Corazon Aquino
B. Sirimavo Ratwatte Dias Bandaranaike
C. Benazir Bhutto
D. Aung San Suu Kyi

18. Ang Turkey at ang Arabia ay bahagi ng anong emperyo na nahati pagkatapos ng unang digmaang pandaigdig?
A. Emperyong Ottoman
B. Emperyong Britanya
C. Emperyong Tsina
D. Emperyong Romano

19. Siya ang kinikilalang eternal na president eng North Korea.
A. Kim Jong Il
B. Kim Yong Nam
C. Pak Pong Ju
D. Kim Il Sung

20. Siya ay kilalang leader at dating pangulo ng Indonesia na humalili kay Abdurrahman Wahid. Nabigyan niya ng kaunting katatagan at kaayusan ang pulitika sa Indonesia.
A. Aung San Suu Kyi
B. Megawati Sukarnoputri
C. Tanaka Makiko
D. Benazir Bhutto

GABAY SA PAGWAWASTO:

Paunang Pagsusulit

1. D	6. B	11. A	16. C
2. C	7. B	12. A	17. A
3. D	8. C	13. C	18. C
4. B	9. B	14. B	19. D
5. A	10. C	15. A	20. D

Aralin 1: ANG PULITIKA AT URI NG MGA PAMAHALAAN SA ASYA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

A

S	U	L	T	A	N	A	T	O	P
K	E							R	A
	U	M						E	R
		M	I					P	L
			U	R				U	Y
M				N	A			B	A
O					I	T		L	M
N						S	O	I	E
A							T	K	N
R	K	I	Y	A	O	Y	R	A	T

MONARKIYA, KUMUNISTA, PARLYAMENTARYO, REPUBLIKA, EMIRATO, SULTANATO

B

1. Timog Kanlurang Asya
2. Timog Silangang Asya
3. Timog Asya
4. Timog Asya
5. Hilagang Asya
6. Silangang Asya
7. Timog Asya
8. Timog Kanlurang Asya
9. Timog Kanlurang Asya
10. Timog Silangang Asya

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaisipan

A:

1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. MALI
5. MALI

B.

1. Monarkiyang Kunstitusyunal
2. Kumunistang Estado
3. Monaekiya
4. Sultanato
5. Republika
6. Kumunistang Estado
7. Batas Militar
8. Kunstitusyunal na Emirato
9. Parlyamentaryong Demokratiko
10. Republika

Gawain 3

A. Isanguni sa guro B. Isanguni sa Guro

ARALIN 2: KAGANDAHAN PULITIKA AT MGA SULIRANING HUMUBOG SA ASYA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

A.

1. 1923
2. 1947
3. 1975
4. 1948
5. 1991

B. Isanguni sa guro

Gawain 2

A. Isanguni sa guro
B. Isanguni sa guro

Gawain 3

A. sanguni sa guro

ARALIN 3: MGA KILALANG LEADER-PULITIKA AT ORGANISASYON SA ASYA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. Pilipinas
2. Malaysia
3. Singapore
4. India
5. 5. Japan
6. Myanmar
7. Palestinian Liberation Organization (PLO)
8. Malaysia
9. Israel
10. 10. Sri Lanka

Gawain 2: A

1. Pres. Moshe Katsav; P.M. Ariel Sharon
2. Haring Norodom Sihamoni: P.M. Samdech Hun Sen
3. Haring Bhumibol Adulvadej; P.M. Thaksin Sinawatra
4. Pres. Pervez Musharraf; P.M. Shaukat Aziz
5. Pres Gloria Macapagal Arroyo
6. Pres Lajuddin Ahmed; P.M. Khaleda Zia
7. Pres. Chen Shui-bian; Pres. Ehikutibo Yuan Frank Hsieh
8. Pres. Roh Moo Hyun: P.M. Lee Hai Chan

9. Emperador Akihito; P.M. Junichiro Koizumi
10. P.M. Ibrahim al- jaafari

B. Isanguni sa Guro

Gawain 3

1. Isanguni sa guro
2. Isanguni sa guro
3. Alin man sa mga sumusunod:
   - Malaysia
   - Thailand
   - Indonesia
   - Singapore
   - Pilipinas
   - Brunie
   - Vietman
   - Myanmar
   - Cambodia

Pangwakas na Pagsusulit

1. D
2. B
3. C
4. D
5. A
6. A
7. A
8. A
9. C
10. B
11. D
12. C
13. A
14. C
15. D
16. C
17. C
18. A
19. D
20. B